


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 1: Mga Paraan ng Pagtugon ng mga Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol



Pangalan: ______________________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jay D. Col, T-1

**Mga Editor:** Maria Rosario C. Sabanal, MT-1
Crisente P. Talitayan, MT-1

**Tagasuri**: Ester P. Galvez, MT-1

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** **Leizel C. Caballero, MT-1**

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makapagpaliwanag sa mga paraan ng pagtugon ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol.



# Balikan

**I. Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit nakaapekto ang pagbabago ng kalagayang political ng bansa sa mga Filipino sa panahong kolonyal?
   A. dahil hindi mahirap ang pagsunod sa batas at mga patakarang ipinatutupad ng mga dayuhan.
   B. dahil naging mapang-abuso ang mga opisyal na Espanyol at hindi naging pantay ang pagtrato sa mga katutubo.
   C. dahil pinagkatiwalaan ang mga Filipino sa matataas na posisyon sa pamahalaang Espanyol.
   D. dahil hindi naging tagasunod ang mga Filipino sa sariling lupain na pinamumunuan ng mga banyaga.

2. Ito ang sapilitang pagbili ng pamahalaan ng ani ng mga magsasaka.
   A. Bandala B. Kalakalang Galyon C. Polista D. Tributo

3. Paano naganyak ang mga magsasaka sa sapilitang pagbili ng tabako?
   A. Bigyan sila ng malaking halaga.
   B. Ipagkaloob sa kanila ang ibang lupain.
   C. Bigyan sila ng puhunan upang hindi sila mahirapan.
   D. Ipinangako ng pamahalaan ang mabilis na pagbayad sa mga naaning tabako.

4. Ano ang naging implikasyon ng pagbubukas ng mga daungan ng Pilipinas?
   A. Maraming nagkasakit na mga Pilipino.
   B. Marami sa mga Pilipino ang naghihirap dahil ditto.
   C. Nagalit ang mga banyaga ay nagalit dahil hindi nila ito nagustuhan.
   D. Maraming dayuhan ang nagtayo ng mga bahay-kalakal sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas.

5. Ano ang naging kalagayan ng mga Filipinong sumailalim sa polo y servicio?
   A. Sila ay puwersahang pinalahok sa iba't-ibang mabibigat na trabaho.
   B. Sila ay binigyan ng sapat na pagkain.
   C. Sila ay pinatawan ng buwis.
   D. Sila ay binigyan ng negosyo para sa kanilang hanapbuhay.

| Aralin 1 | Mga Paraan ng Pagtugon ng mga Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol |
|---|---|



# Tuklasin

Upang makamit mo ang layunin sa aralin na ito, basahin at sunding mabuti ang mga pahayag na nasa kahon at pagnilayan mo ang mga maaaring maging angkop na kasagutan sa mga tanong na nasa ibaba.

Humanap ng isang miyembro ng iyong pamilya sa bahay na iyong magiging kapareha. Una, pumili sa inyong dalawa kung sino ang magiging Espanyol at kung sino ang magiging Filipinong katutubo. Ang Filipinong katutubo ay maglalabas ng kaniyang mga importanteng gamit gaya ng pitaka, libro o bag. Tangkang kukunin ito ng Espanyol ngunit itatago ito ng katutubo at hindi hahayaang makuha. Kung sakali man na may nakuha ang kaparehang Espanyol, subuking kunin itong muli. Pagkatapos ay magpalit ng ginagampanang papel. Matapos ang gawain ay sagutin ang mga pamprosesong tanong.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mas madaling papel na iyong ginampanan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Ano-ano ang iyong mga ginawang paraan upang hindi makuha ng iyong kapareha ang mga importanteng gamit mo?
3. Gaano kahalaga ang pagtatanggol o pag-iingat sa mga bagay o ari-arian na meron ka? Ipaliwanag.



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

**Mga Paraan ng Pagtugon ng mga Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol**

Sa harap ng armadong pakikipaglaban ng mga Espanyol, iba't-ibang reaksiyon ang ipinamalas ng mga katutubong pangkat. Habang ang pagrerebelde at pakikipaglaban ang naging karaniwang tugon nila, may ilang katutubong lumagda naman sa kasunduan sa mga Espanyol.

| Reaksiyon | Mga Pangyayari |
|---|---|
| 1. Pagsuway ng mga Igorot sa Patakarang Espanyol | -hindi pagsunod ng mga Igorot sa mga patakaran ng monopolyo ng tabako.<br><br>-pagbenta ng mga tabako sa ibang mangangalakal maliban sa mga hinirang ng pamahalaang Espanyol<br><br>-hindi pangingilag sa kabila ng pagtatatag ng pamahalaang militar sa Cordillera |
| 2. Pangangayaw ng mga Igorot | -ang pangangayaw o headhunting ay isang tradisyon ng mga Igorot ng pakikidigma at pagpugot sa kaaway<br><br>-kinatakutan ang tradisyong ito ng mga misyonerong prayle sa Cordillera, kung kaya't nilisan nila ang lugar-dahilan upang hindi nagtagumpay na napalaganap ang Kristiyanismo sa mga katutubo |
| 3. Pakikidigma ng mga Muslim | -inilunsad ang anim na Moro War sa pagitan ng ika-16 at ika-19 na siglo.<br><br>-noong ika-17 siglo, nagkaroon ng mabuting ugnayan ang mga sultanato ng Sulu at Maguindanao<br><br>-sa pamumuno ni Sultan Kudarat ay inilunsad ang kauna-unahang *jihad* o banal na digmaan laban sa mga Espanyol<br><br>-bunga ng *jihad*, nilisan ng mga Espanyol ang Mindanao at itinuon na lamang ang kanilang misyon sa Luzon. |

| | |
|---|---|
| 4. Paglagda ng Kasunduan ng mga Muslim | -noong 1851, napilitang lumagda sa kasunduan ang mga Muslim dulot ng panggigipit ni Gobernador-Heneral Juan Antonio de Urbiztondo.<br>Ayon sa kasunduan, maibabalik lamang sa mga sultan ang kanilang kabisera kung kilalanin nila ang kapangyarihan ng pamahalaang Espanyol sa sultananto ng Sulu at mga katabing teritoryo nito<br>-nagkaroon ng magkaibang interpretasyon ang dalwang panig sa kasunduang ito:<br>☐ Para sa Espanyol, hudyat ito ng pagpapasakop ng mga Muslim;<br>☐ Para sa mga Muslim, ito ang pagkakaibigan at pantay na estado ng mga Espanyol at mga Muslim |



# Pagyamanin

**A. Panuto:** Isulat ang **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali sa linya bago ang bilang.

__________`1. Kabilang sa pagsuway ng mga Igorot sa patakarang Espanyol ay ang pagbenta ng mga tabako sa mga hinirang ng pamahalaang Espanyol.

__________ 2. Ang Pangangayaw o Headhunting ng mga Igorot ay isang tradisyong pakikidigma at pagpugot sa kaaway.

__________ 3. Ang Jihad ay tradisyong kinatakutan ng mga misyonerong prayle sa Cordillera kung kaya't nilisan nila ang lugar.

__________ 4. Isa sa mga pangyayaring naganap sa pakikidigma ng mga Muslim ay ang anim na Moro War sa pagitan ng ika-16 at ika-19 na siglo.

__________ 5. Ang interpretasyon ng mga Espanyol sa paglagda ng mga Muslim sa kasunduan ay ang pagkakaibigan at pantay na estado ng mga Espanyol at mga Muslim.

**B. Panuto:** Hanapin sa hanay B ang katugmang mga salita na inilarawan sa hanay A. Isulat sa inyong papel ang titik ng tamang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pagbenta ng mga tabako sa ibang mangangalakal maliban sa mga hinirang ng pamahalaang Espanyol | a. Pangangayaw ng mga Igorot |
| 2. Kinatakutan ang tradisyong ito ng mga misyonerong prayle sa Cordillera, kung kaya't nilisan nila ang lugar-dahilan upang hindi nagtagumpay na napalaganap ang Kristiyanismo sa mga katutubo. | b. Pagsuway ng mga Igorot sa Patakarang Espanyol |
| 3. Bunga ng *jihad*, nilisan ng mga Espanyol ang Mindanao at itinuon na lamang ang kanilang misyon sa Luzon. | c. Paglagda ng Kasunduan ng mga Muslim |
| 4. Noong 1851, napilitang lumagda sa kasunduan ang mga Muslim dulot ng panggigipit ni Gobernador-Heneral Juan Antonio de Urbiztondo | d. Pakikidigma ng mga Muslim |



# Gawain

**GAWAIN A**

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang konseptong inilalarawan sa bawat aytem. Isulat ang tamang sagot sa linya bago ang bilang.

| | | |
|---|---|---|
| **jihad** | **Moro War** | **Mga Igorot** |
| **Pangangayaw** | **Sultan Kudarat** | |

__________ 1. Ito ang banal na digmaan ng mga Muslim.
__________ 2. Ito ang tradisyon ng pakikidigma at pamumugot ng mga katutubong Igorot.
__________ 3. Ipinakita ng mga Muslim ang kanilang pagtanggi sa kolonyalismong Espanyol sa anim na digmaang tinatawag na ____________________.
__________ 4. Siya ang sultan na unang naglunsad ng banal na digmaan laban sa mga Espanyol.
__________ 5. Sila ang mga katutubong hindi sumunod sa mga patakaran ng Monopolyo ng Tabako.


**GAWAIN B**

**Panuto:** Ipaliwanag ang kahalagahan ng bawat paraan ng pagtugon ng mga katutubong Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol.

| **Paraan ng Pagtugon** | **Kahalagahan** |
|---|---|
| 1. Pagsuway ng mga Igorot sa Patakarang Espanyol | |
| 2. Pangangayaw ng mga Igorot | |
| 3. Pakikidigma ng mga Muslim | |
| 4. Paglagda ng kasunduan ng mga Muslim | |

**GAWAIN C**

**Panuto:** Kumpletohin ang Concept Map sa ibaba. Isulat ang mga paraan ng pagtugon ng mga katutubong Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol.



**GAWAIN D**

**Panuto:** Ipaliwanag sa kahon ang tanong na nasa ibaba **(10 puntos).**

**"Ano kaya ang mangyayari kung wala ang mga paraang pagtugon ng mga Igorot at Muslim sa Kolonyalismong Espanyol?"**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Mahusay (8)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (6)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (4)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos (2)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |

**GAWAIN E**

**Panuto:** Gamit ang isang *bondpaper,* gumawa ng poster na nagpapakita ng pakikipaglaban ng mga Igorot at mga Muslim sa mga Espanyol. Ipaliwanag sa ibaba ng iyong ginuhit ang sanhi at epekto ng mga nasabing pakikipaglaban. ***(10 puntos)***

| **Rubrik sa Pagmamarka ng Poster** | | |
|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Puntos** | **Nakuhang Puntos** |
| Wasto ang paglalarawan sa mga tauhang pinapaksa (Igorot, Muslim, at Espanyol) | 7 | |
| Angkop ang mga iginuhit sa paksa ng gawain | 5 | |
| Maayos, malinis, at malikhain ang pagkakaguhit ng mga larawan. | 3 | |
| **Kabuuang Puntos** | **15** | |



# Isaisip

Natutuhan ko sa araling ito na ang mga paraan ng pagtugon ng mga katutubong Pilipino sa kolonyalismong Espanyol ay ang ____________________sa Patakarang Espanyol, _________________ng mga Igorot, _________________________ng mga Muslim, at ________________ng kasunduan ng mga Muslim. Kabilang ng pagsuway ng mga Igorot ang hindi pagsunod sa mga patakaran ng _________________________.
Ang ____________ ay isang tradisyon ng mga Igorot ng pakikidigma at pagpugot sa kaaway.

Sa Pakikidigma ng mga Muslim, inilunsad ang anim na ___________________sa pagitan ng ika-16 at ika-19 na siglo.
Ang ___________________ ay tinaguriang banal na digmaan laban sa mga Espanyol.

Noong ______________, napilitang lumagda sa kasunduan ang mga muslim dulot ng panggigipit ni Gobernador-Heneral _______________________.



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit kaya nilisan ng mga Espanyol ang Mindanao at itinuon na lamang ang kanilang misyon sa Luzon?
   A. dahil sa kakulangan ng pagkain.
   B. dahil sa kakulangan ng mga sandata para sa labanan.
   C. dahil hindi nila alam ang mga pasikot sikot na lugar ng Mindanao.
   D. dahil sa ipinatupad na jihad o banal na himagsikan ng mga Muslim.

2. Bakit kaya binenta ng mga Igorot ang tabako sa ibang mangangalakal at hindi sa mga hinirang ng pamahalaang Espanyol?
   A. dahil kadalasan hindi sila nagbayad.
   B. dahil mura lamang ang kanilang makukuha sa kanila.
   C. dahil gusto rin nila na makipagkalakalan sa ibang pangkat.
   D. dahil natakot sila na baka malaman ng mga Espanyol ang hindi nila pagsunod sa mga patakarang ipinatupad.

3. Bakit hindi nagtagumpay ang mga misyonerong prayle sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa mga katutubong Igorot sa Cordillera?
   A. dahil ayaw na nila sa mga Igorot
   B. dahil naubusan sila ng tubig at pagkain.
   C. dahil napagod sila sa mga bulubundukin na kanilang tinatahak.
   D. dahil natakot sila sa pangangayaw o headhunting na tradisyon ng mga Igorot.

4. Bakit napilitang lumagda ang mga Muslim sa kasunduan ng mga Espanyol?
   A. dahil bibigyan sila ng negosyo upang lalago ang kanilang pamumuhay.
   B. dahil hiranging mataas na opisyal ang mga sultan sa pamahalaang Espanyol kung lumagda sila sa kasunduan.
   C. dahil bibigyan ang mga Muslim ng malaking halagang salapi at mga alipin upang magiging magaan ang kanilang pamumuhay sa Mindanao.
   D. dahil sa panggigipit ni Gobernador-Heneral Juan Antonio de Urbiztondo na ibalik sa mga sultan ang kanilang kabisera kung kilalanin nila ang kapangyarihan ng pamahalaang Espanyol sa sultananto ng Sulu at mga katabing teritoryo nito.

5. Bakit iba ang paniniwala ng mga Muslim sa kasunduang nilagdaan nila?
   A. dahil akala nila na bibigyan sila ng negosyo upang lalago ang kanilang pamumuhay.
   B. dahil akala nila na ito ang pagkakaibigan at pantay na estado ng mga Espanyol at mga Muslim.
   C. dahil akala nila na hiranging mataas na opisyal ang mga sultan sa pamahalaang Espanyol kung lumagda sila sa kasunduan.
   D. dahil akala nila na bibigyan sila ng malaking halagang salapi at mga alipin upang magiging uunlad ang kanilang pamumuhay sa Mindanao.

6. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ng mga Igorot at Muslim, gagawin mo rin ba ang kanilang ginawa? Bakit?
   A. Hindi, dahil hindi ito mabuting gawain.
   B. Oo, dahil ayaw ko talaga sa mga dayuhang Espanyol.
   C. Hindi, dahil hindi ako mabubuhay kung walang namamahala sa lipunan.
   D. Oo, dahil para ito sa aking kalayaan at magagawa ko ang lahat ng bagay na gusto kung gawin kung walang dayuhang sumasakop.

7. Bakit kaya hindi nagpapasailalim ang mga katutubong Igorot at Muslim sa mga dayuhang Espanyol.
   A. dahil matapang ang mga Igorot at Muslim.
   B. dahil ayaw nila sa mga Espanyol.
   C. dahil mapang-abuso sa kanilang pamamahala ang mga dayuhang Espanyol.
   D. dahil gusto ng mga Igorot at Muslim na sila lamang ang dapat kilalanin sa buong bansa.

8. Bakit kaya mahalaga ang kalayaan sa bansang Pilipinas?
   A. dahil nakatutulong ito upang malamangan ang ibang tao.
   B. dahil nakatutulong ito upang masakop ang ibang bansa.
   C. dahil ito ang paraan upang maipamalas ang pag-aabuso sa ibang tao.
   D. dahil nakatutulong ito upang magkaroon ng sariling pamamahala ang bansa na walang pang-aabusong dayuhan ang sumasakop nito.

9. Ano kayang mangyayari kung nagpapasailalim ang ating mga katutubong Igorot at Muslim sa mga dayuhang Espanyol?
   A. magiging mayaman ang ating mga katutubo.
   B. Aalis patungong ibang bansa ang mga katutubong Igorot at Muslim
   C. magkaroon ng negosyo at maunlad na pamumuhay ang mga Igorot at Muslim.
   D. mapalitan ang kanilang mga paniniwala at mangingibabaw ang mapang-abusong pamamahala ng mga Espanyol.

10. Ano kaya ang mangyayari kung wala ang *jihad* ng mga katutubong muslim sa panahon ng pananakop?
    A. Maging maligaya ang mga Muslim.
    B. Magkaroon ng negosyo ang mga Muslim.
    C. Mapamahal ng mga Espanyol ang mga Muslim.
    D. Tuluyang mapapasailalim sa pamamahala ang mga katutubong Muslim.



# Karagdagang Gawain

**Sanaysay.** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa iyong pananaw sa ginawang pakikipaglaban ng mga Igorot at Muslim sa mga Espanyol. Kung sakaling may dayuhang mananakop sa Pilipinas sa kasalukuyan, gagawin mo rin ba ng ginawang paglaban ng mga Igorot at Muslim? Bakit/Bakit hindi? ***(10 puntos)***

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay**<br>**(10)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Mahusay**<br>**(8)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman**<br>**(6)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos**<br>**(4)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |
| **Sadyang Di-maayos**<br>**(2)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |



# *Susi sa Pagwawasto*

**BALIKAN**

1. B
2. A
3. D
4. D
5. A

**A. PAGYAMANIN**

1. M
2. T
3. T
4. T
5. M

**GAWAIN**

**Gawain A**

1. jihad
2. pangangayaw
3. Moro War
4. Sultan Kudarat
5. Mga Igorot

**TAYAHIN**

I.

1. D
2. D
3. D
4. D
5. B
6. D
7. C
8. D
9. D
10. D

**B. PAGYAMANIN**

1. B
2. A
3. D
4. C

**Gawain C**

*Pagsuway ng mga Igorot sa Patakarang Espanyol

* Pangangayaw ng mga Igorot

* Pakikidigma ng mgaMuslim

* Paglagda ng kasunduan ng mga Muslim

Gawain **D & E**

**Answers may vary**

## *Sanggunian:*


Book

Gabuat, Maria Annalyn P., Michael M. Mercado, and Mary Dorothy Dl. Jose. 2016. "Araling Panlipunan 5". *Pilipinas Isang Bansa*, 208-221. Quezon City, Philippines: Vibal Group, Inc.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region I

Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.